AHA! LEARNING CENTER'S
# ESKWELANG PAMILYA
/ahalearning /ahalearns

## BATA MAY TANONG KA BA SA COVID-19? FOR GRADE 1 TO HIGHSCHOOL
### Lesson 28

| **Pambungad** |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting mag-aaral! Handa ka na bang matuto tungkol sa Coronavirus Disease Pandemic na kinakaharap natin ngayon? Sabay-sabay nating sagutin ang inyong katanungan tungkol sa* ***"Pagbabalik sa Eskwelahan".*** *Huwag mangamba; mapagtatagumpayan din natin ang laban kontra COVID-19, kaibigan!* |

**Bata, May Tanong ka ba sa COVID-19? - Lesson 28**

Source: Department of Education

**I.PAGBATI**
Isang mapagpalang araw, mga ka-AHA! 💜 Nandito po ulit si Teacher ____ 👩🏻🏫.
Panibagong araw, panibagong katanungan na naman tungkol sa COVID-19 ang aming sasagutin at ipapaliwanag sa inyo. ❓🦠

**II.❓ KATANUNGAN SA ARAW NA ITO**
Sa araw na ito, sasagutan natin ang katanungan mula sa liham ni Charlie ng Lipa.

📃 Ito ang nilalaman ng kanyang sulat:

Teacher, kailan po kami babalik sa school? Miss ko na po kasi yung classmates ko po. Sila Troy, JC, at Gab.

**III.💬 PAG-USAPAN NATIN**
Magandang Araw, Charlie!

Salamat sa iyong katanungan. 🤗

--

Sa ngayon, wala pang inaanunsyo ang Department of Education (DepEd) 📖 na balita patungkol sa araw ng Balik Eskwela. 🤷‍♀️📺👩🏻‍🏫

Pero, huwag mag-alala. Paniguradong mag-aanunsyo rin ang DepEd 📖 o ang inyong mga guro sa paaralan 👨‍🏫🏫🏢 kung kailan kayo maaaring pumunta sa eskwelahan upang ayusin ang inyong requirements o kuhanin ang report card. 👣🏢📄 (Sa ngayon, maghintay muna tayo sa kanilang anunsyo. Huwag tayong mainip. Paniguradong magkikita kayo ng inyong mga matalik na kaibigan, kaklase, at minamahal na guro kapag maayos na ang lahat. 👧👦👩‍🏫👨‍🏫)

**IV.✊ HAMON**

Kaya naman upang mabawasan ang inyong lumbay sa pagka-miss at pag-aalala sa kanila, may ibibigay na tips si Teacher na pwede ninyong gawin sa loob ng inyong bahay. Ito ay ang mga: 📝

(1) Pakikipag-chat sa ating mga kaibigan at guro gamit ang ating social media accounts. Kumustahin natin sila at kausapin. Sa panahon ngayon, hindi maiiwasang hindi sila matakot sa COVID-19 kaya iparamdam natin sa kanila na nandito lang tayo para sa kanila. 📲👨‍🏫👧👦

(2) Pagte-text o pagtawag sa kanila upang makibalita na rin tungkol sa kailangang gawin na requirements, o sa pagbabalik sa eskwela. 📱📝🏢

(3) At, pagsusulat ng letters o liham para sa kanila, at ibigay ito kapag nagkita na kayo. 📝 (Alam kong tradisyunal ito. Pero mainam kasi kung tayo mismo ang magsusulat ng ating mensahe. Bukod sa damang-dama ang ating emosyon dito, makikita rin nila ang effort at creativity natin. 📧)

Huwag mag-alala, panandalian lang ito. Sa ngayon, manatili muna tayong malinis, malusog, at ligtas sa loob ng ating bahay kasama ang ating minamahal na pamilya. 🤗🏠👨👩👧👦

Ating tandaan, magkakalayo man tayo ng ating mga kaklase, kaibigan, at guro paniguradong sama-sama naman ang ating puso't-isipan sa laban kontra COVID-19 at pag-iisip ng kalagayan ng bawat isa. 👧➖👦👆❤🧠

Magtiwala lang tayo sa ating frontliners. At, tiyak naman na we'll beat COVID-19 together; and we'll heal together. 🤝

**V.💡 PAG-ISIPAN**

Tingnan natin kung may natutunan ka sa diskusyon sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na katanungan. Huwag mag-alala, maaaring gawing gabay ang talakayan sa itaas.

🔎 Kailan babalik ang mga bata sa eskwelahan?

🔎 Ano ang pwedeng gawin upang makausap ang mga Teacher sa school habang nasa loob ng bahay?
🔎 Tama o Mali. I-ignore Messages ang groupchat sa Facebook Messenger para makaiwas sa pinagagawa ng Teacher.
🔎 Tama o Mali. Kumustahin ang mga Teacher at kaibigan gamit ang social media accounts.
🔎 Tama o Mali. Huwag gawin ang pinagagawa ng Teacher dahil wala namang klase.

**VI.👋 PANGWAKAS NA BATI**

At dito nagtatapos ang ating talakayan. Sana ay natuto at nasiyahan kayo sa ating diskusyon. Kung may mga katanungan, maaari niyong i-private message (PM) si Teach. 📲👩🏻🏫

Magkita-kita tayo ulit bukas para sa "Bata, may tanong ka ba sa COVID-19?" 👧🏻🧒🏻❓

Maraming salamat sa pakiki-isa! 🤗
-

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."